# Proyekto ng Pagpapabuti ng Kaligtasan ng Alameda CTC Rail

**Isang Paunawa ng Intensyon (Notice of Intent, NOI) upang Pagtibayin ang Unang Pag-aaral na may Iminumungkahing Inayos na Negatibong Deklarasyon (IS/MND)** ang inilabas ng Komisyon ng Transportasyon ng County ng Alameda (Alameda County Transportation Commission, Alameda CTC) noong Martes, Mayo 2, 2023 bilang Namumunong Ahensya sa ilalim ng Batas ng California sa Kalidad na Pangkapaligiran (California Environmental Quality Act, CEQA).

**Virtual na Pampublikong Pagdinig para sa maraming Tawiran sa Riles sa Oakland sa Miyerkules, Mayo 17, 2023 mula 6:00 – 7:30 p.m.**

Kabilang sa iminumungkahing Proyekto ng Pagpapabuti ng Kaligtasan sa mga Tren sa Alameda (Alameda Rail Safety Enhancement Project, RSEP) ang ilang pang-indibidwal na tawiran sa riles sa buong County na tinukoy bilang mga priyoridad at ang mga inirerekomendang pagpapabuti ay nakasentro sa pedestriyan, nagbibisikleta at gumagamit ng sasakyan na may pagbibigay-diin sa mga paaralan. Ipapatupad ang proyekto sa dalawang yugto, sa loob ng anim na lokal na hurisdiksyon.

**Samahan ang Alameda CTC sa Miyerkules, Mayo 17, 2023 mula 6:00 – 7:30 p.m. para sa virtual na pampublikong pagpupulong tungkol sa Proyekto ng Pagpapabuti ng Kaligtasan sa mga Tren (Rail Safety Enhancement Project, RSEP) at sa mga pagpapabuting naiplano para sa maraming Tawiran sa Riles sa Lungsod ng Oakland.** Gaganapin ang virtual na pagpupulong sa pamamagitan ng Zoom at maaaring sumali ang mga kalahok online o sa pamamagitan ng pagtawag. Matututunan pa ng mga nakikinig na kalahok ang tungkol sa iminumungkahing proyekto, proseso ng pagsusuri sa epekto nito sa kapaligiran, mga kapakinabangan ng proyekto, at kung paano magkokomento sa proyekto.

**PAGDALO SA PAMAMAGITAN NG ZOOM:** Magparehistro na ngayon sa **www.alamedactc.org/RSEP-A_No4**. Pagkatapos magparehistro, tatanggap ng email ang mga kalahok na may link sa pagpupulong at impormasyon sa pag-dial in para sumali sa webinar. Mangyaring tandaan na irerekord ang pagpupulong.

**Hindi makakadalo sa pagpupulong?** Tatanggapin ang mga pampublikong komento hinggil sa dokumento ng CEQA mula Martes, Mayo 2, 2023 hanggang Miyerkules, Mayo 31, 2023. Maaaring iparating ang mga pampublikong komento kay Jhay Delos Reyes, Gumaganap na Direktor sa Paghahatid ng Proyekto sa Alameda CTC, sa pamamagitan ng email sa jdelosreyes@alamedactc.org o sa pamamagitan ng sulat sa 1111 Broadway, Suite 800, Oakland, CA 94607.

**Mga Serbisyo ng Interpretasyon**

Mayroon na ngayong audio channel na may live na interpretasyon sa Espanyol, Tsino, at Tagalog sa Zoom sa panahon ng pagdinig. Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpretasyon sa virtual na pampublikong pagdinig sa, mangyaring magpadala ng email na may kahilingan mo sa t.cook@circlepoint.com hanggang Biyernes, Mayo 12, 2023 sa ganap na 5:00 p.m.